



BAY AREA AIR QUALITY
MANAGEMENT DISTRICT

Virtual na Workshop sa Draft na Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan ng Air District para sa AB&I Foundry

Halina't alamin kung paano ipinapatupad ng Air District ang Programa nito sa Pagpapaliit ng Panganib sa Pasilidad, at pakinggan ang mga saloobin ng lokal na komunidad

Minamahal na Komunidad ng Bay Area,

Ang Air District at Mga Komunidad para sa Mas Magandang Kapaligiran (Communities for a Better Environment) ay magsasagawa ng pinagsamang virtual na pampublikong workshop para mag-present, tumalakay, at tumanggap ng mga komento tungkol sa draft na Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan (Health Risk Assessment), o HRA, para sa AB&I Foundry na makikita sa East Oakland sa 7825 San Leandro St.

Sa workshop, ibabahagi ng Mga Komunidad para sa Mas Magandang Kapaligiran ang mga pananaw ng mga miyembro ng komunidad. Magkakaroon ng mga presentation ang mga tauhan ng Air District at sasagutin nila ang mga tanong tungkol sa draft na HRA.

Kailan:

Gagawin ang workshop sa pamamagitan ng Zoom sa **Biyernes, Mayo 7, 2021, mula 5:30 PM hanggang 8:30 PM.**

Impormasyon para sa Pagla-login:

Para makadalo sa miting sa pamamagitan ng zoom, puwede kayong sumali sa pamamagitan ng web browser o ng telepono, ayon sa pagkakalarawan sa ibaba.

Sumali sa Miting sa Pamamagitan ng Zoom

<https://us02web.zoom.us/j/84265732418>

Para sumali sa pamamagitan ng telepono:

+16699006833

ID ng Miting:

842 6573 2418

Bakit:

Nagsasagawa ang Air District ng mga pagtatasa ng panganib sa kalusugan bilang bahagi ng tuloy-tuloy nitong pagsisikap na bawasan ang mga emisyon mula sa mga nakapirming pinagmumulan ng nakakalasang polusyon sa hangin. Nagsasagawa ng mga HRA para sa mga pasilidad na may mga emisyonang nagdudulot ng malalaking panganib sa kalusugan para magawang tumukoy ng mga pagkakataong bawasan ang polusyon at protektahan ang pampublikong kalusugan. Kasalukuyang pinatatakbo ng AB&I sa San Leandro Street sa Oakland ang kulay abong pandayan ng bakal o iron foundry, na gumagawa ng bakal na tubo at mga ikinakabit na bahagi para sa sistema ng mga tubo ng tubig.

Iniiimbithan ka naming magkomento sa draft na HRA na ito. Ang draft na HRA para sa AB&I Foundry ay magiging available sa web page na [Panuntunan 11-18 Mga Pasilidad para sa Pagpapaliit ng Panganib](#) ng Air District simula sa Biyernes, Abril 9, 2021. Bukas ang panahon ng pagkokomento para sa HRA na ito mula Abril 9, 2021 hanggang Hunyo 8, 2021.

Gustong tiyakin ng mga tauhan ng Air District na magiging patas at pantay-pantay ang karanasan sa virtual na workshop, kaya magbibigay sila sa lahat ng interesadong panig ng mga pagkakataon para magtanong at magkomento. Puwedeng isumite ang mga komento tungkol sa draft na HRA na ito [online](#) o sa pamamagitan ng pag-email kay Carol Allen sa: callen@baaqmd.gov. Isasaalang-alang ng Air District ang lahat ng komento bago isapinal ang HRA na ito.

Puwedeng magbigay ng kasabay na pagsasalin ng wika kapag hiniling hindi bababa sa 72 oras bago ang event. Makipag-ugnayan kay Aneesh Rana sa arana@baaqmd.gov o sa 415-749-4914 para humiling ng pagsasalin.

Para información en español, llame al 415-749-4609

中文聯絡電話 415-749-4609

Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609

*Nagsisikap para protektahan ang pampublikong kalusugan, kalidad ng hangin, at pandaigdigang klima,
Ang iyong Air District*

Bay Area Air Quality Management District

375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105

(415) 749-5000 | 1-800-HELP-AIR | Email: feedback@baaqmd.gov



Iginagalang namin ang iyong karapatan sa privacy. Pakibasa ang aming [Patakaran sa Privacy](#).

[Mag-subscribe](#) sa Email Newsletter na ito. [Tumingin ng higit pang Email Newsletter ng Bay Area Air Quality Management District \(Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area, BAAQMD\)](#).

[Makipag-ugnayan sa Amin](#) | [Mga Tuntunin ng Paggamit](#) | [Bumalik sa Itaas](#)